



Bilang isang mabuting mamamayan ng City and County of Honolulu, ikaw ay mahalaga upang mapanatili ang Hawaii bilang ligtas na lugar na tirahan at bisitahin.

Dahil sa iba't ibang banta laban sa mga mamamayan sa ating bansa, mahalagang gampanan ang ating tungkulin upang mapanatiling ligtas itong isla natin.

Bilang pasahero ng bus, makakatulong ka na mapanatiling ligtas na uri ng transportasyon ang TheBus. Maging mapagmasid sa mga banta sa ating seguridad. Narito ang ilan sa mga dapat nating pansinin habang tayo ay sakay ng bus at nagbibiyaha sa paligid ng ating komunidad.

Kapag napansin mo ang alinman sa mga ito huwag mag-atubili sabihin agad sa opereytor ng bus o tawagan agad ang 911



KADUDA-DUDANG MGA BAGAY

Gamitin ang pinakamagaling na paghusga

Kapag napansin mo ang kakaibang uri ng pulbos, usok o likido, na may kakaibang amoy, sabihin agad sa opereytor ng bus.



**MAKILAHOK KA
ALAMIN ANG MGA
IMPORMASYON
MAGING ALERTO
MAGING HANDA**

MGA TAONG KADUDA-DUDA

Magtiwala sa iyong hinala

Ang suspetsa ay dapat nakabatay sa inaasal, lokasyon, at oras. Kapag nakakita ng isang taong gumagawa ng bagay na kadudaduda, palakad-lakad na di mapakali at gumagawa ng tila wala sa lugar, ipagbigay-alam agad sa opereytor ng bus o tawagan ang 911.



Kapag may makita ka, magsalita ka

KADUDA-DUDANG MGA PAKETE

Kung hindi ka sigurado

Kung may makita kang isang bag, backpack, pakete, o iba pa na tila wala sa lugar at may mga nakakabit ditong kakaiba o tunog o ibang amoy, sabihin agad sa opereytor ng bus.

Salamat sa iyong tulong



PAGHAHANDA SA PELIGRO

- Kunin ang mga impormasyon
- Gumawa ng isang plano
- Gumawa ng survival emergency kit
- Magmasid

PAGLIKAS SA PANAHON NG PELIGRO

- Makinig sa radio, TV o sa pinakahuling bagong impormasyon
- Pag-aralan ang mapa ng paglikas para sa tsunami sa iyong phone book
- Gumawa ng listahan ng mga kontak, mga kapamilya, kaibigan, kasama sa trabaho, kasama din yung nasa ibang lugar at laging dalhin ito
- Alamin mo at iyong pamilya ang mga ruta ng transportasyon kung may balakid at di magamit ang pangunahing daan
- Hanapin ang mga bus na ang destinasyon ay Evacuation. Ang mga bus na ito ang magdadala sa pinakamalapit na lugar na puwedeng himpilan
- Bawat tao, makakapagdadala ng isang malaking bag
- Ang mga alagang hayop, maaring pasakayin sa bus pero dapat nasa kulungan o may tali



EMERGENCY KIT UPANG MANATILING BUHAY

- Tubig- isang galon ng tubig bawat tao bawat araw para sa loob ng hindi baba ng 14 na mga araw, para inumin at panglinis
- Pagkaing hindi nasisira para sa loob ng hindi baba ng 14 na mga araw para sa bawat tao
- Gatas at lampin ng sanggol
- Abre lata para sa delata
- Pagkain para sa alagang hayop
- Radyong de baterya o hand crank, o isang NOAA weather radio na may toner pang-alerto at dagdag na baterya para sa mga ito
- Flashlight at ekstrang baterya
- Pito na pangtawag ng tulong
- Cell phone na may charger, inverter o solar charger
- First aid kit
- Mga kagamitan sa banyo, bag para sa basura, at mga plastic na tali para sa personal na kalinisan
- Mga gamot at salamin
- Mga pamunas, disinfectant
- Mga gamit pambabae at panlinis na personal
- Damit na pamalit, kumpleto kasama ang isang mahabang manggas na t-shirt at mahabang pantalon, at matibay na sapatos
- Sleeping bag, kumot para sa bawat tao
- Dust mask para masala ang masamang hangin, plastic sheeting at duct tape para makagawa ng pansamantalang silungan
- Wrench at pliers para i-switch off ang mga kagamitan
- Fire extinguisher/mga posporo/nasa waterproof na bag
- Ang mga importanteng dokumento ng pamilya gaya ng insurance policies, identification at rekord ng mga bank account ay dapat nasa waterproof na portable container
- Pera, traveler's check at mga barya
- Mapang lokal

IMPORMASYON SA ORAS NG PELIGRO

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita online sa www.TheBus.org

O tawagan kami sa
TheBus
811 Middle Street
Honolulu, HI 96819
(808) 848-4500

*Pinondohan ito ng isang grant mula sa
Department of Homeland Security*



IMPORMASION PARA SA PELIGRO (EMERGENCY INFORMATION)

ANG TIKET

ninyo sa ligtas na biyahe

Tagalog

Seguridad sa biyahe at kahandaan sa peligro

